NANGUNGUNANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

# LIWAYWAY

Nobyembre 1-15, 2019



MAIKLING KUWENTO

## ANG NALIBING NA LIHIM

Ni AMADO BRAVO

## LIBING SA ARAW NG MGA PATAY

Ni RUFINO C. CRISOLO

NOBELA

## TAHAN NA...HINDI KITA IIWAN

Ni DAHLIA PABLO

TULA

## ARAW NG MGA PATAY

Ni REBECCA L. GERONGA

MANILA BULLETIN PUBLISHING

9 771165 698142

ISSN 1656-98-14

P40

# JILLIAN WARD

Upang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

# MGA NILALAMAN

I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine

## NOBELA


6 **Kasaysayan Ng Kalibutan (9)**
Edgar Calabia Samar

8 **"Ikaw Na Muna, Mommy" (14)**
Efren Abueg

10 **Higit Na Matibay (37)**
Armando T. Javier

12 **Tahan Na...Hindi Kita Iiwan (1)**
Dahlia Pablo


## MAIKLING KUWENTO


4 **Extra Service (2)**
Armando T. Javier

14 **Ang Nalibing Na Lihim**
Amado Bravo

16 **Libing Sa Araw Ng Mga Patay**
Rufino C. Crisolo

18 **Gigising Ako At Sasalubungin Ng Ngiti Ang Katapusan**
George Deoso


## LATHALAIN


28 **May Namatay Na Bang Tao Na Nagbalik Sa Daigdig Ng Mga Buhay?**
Fernando B. Sanchez


## KOMIKS


37 **Sa Mga Pangil Ni Gorgo (7)**
JD Ronquillo / Franklin Batolinao

40 **Ang Babaeng Pinangakuan (9)**
Alquin M. Pulido / Carmelo A. Perlas

43 **Lover Boy (10)**
Elena M. Patron / Rico Rival

46 **Sa Mundong Iyon... (49)**
Perry C. Mangilaya / Donato Santos

49 **Gising, Tatay**
Andres Munoz / Vovoi Lim

54 **Doro Dora**
William Contreras


## TULA


56 **Araw Ng Mga Patay**
Rebecca L. Geronga


## KOLUM


20 **Basa Tayo**
John Iremil Teodoro

22 **Epektibong Pagtuturo**
Pat V. Villafuerte

24 **Buklat/Mulat**
Dr. Eugene Y. Evasco

26 **Haraya**
Dr. Michael M. Coroza

33 **Tatak Pilipino**
Boy A. Silverio

52 **Pag-Usapan Natin!**
Kuya Sam

52 **Magluto Tayo**
Mareng Lena


## SHOWBIZ


34 **Jillian Ward, Nagpapasalamat Sa GMA-7 Sa Nakuhang Break Sa Seryeng Prima Donnas**
Nonie V. Nicasio

35 **Ara Altamira, Umaasang Tuloy-Tuloy Sa Pag-Level-Up Ang Showbiz Career**
Maricris V. Nicasio

35 **Showbiz Tribya**
Julio Silverio, Jr.


## LIBANGAN


36 **Astrolohiya**
Madame Sharona

54 **Magtawanan Tayo!**
Anthony Locsin
Felipe Sungcang

54 **Sudoku**
John Lyndon Alejo

54 **Palaisipan**
Jose Marie Gallego









Ni DR. EUGENE YAMBOT EVASCO

# Mga Hiwaga sa Kusina

NILAGOM ng dalawang magkahiwalay na artikulo sa Kid's Health at Healthy Little Foodies ang mga benipisyo ng pagpapakilala at paglahok sa mga bata sa proseso ng pagluluto. Kadalasan kasi, inilalayo ang mga bata sa kusina dahil sa mga peligrong maaaring maidulot nito gaya ng matalas na kutsilyo, kumukulong tubig, tumatalsik na mantika, mga babasaging kasangkapan, at ang apoy. Ngunit sa tamang patnubay ng nakatatanda, may maitutulong sa mga bata ang pagtuturo sa kanila sa pagluluto.

Sa pamamagitan ng pagluluto, napapaunlad nito ang kanilang kasanayan sa pagbibilang, wastong nutrisyon, kahalagahan ng kalinisan, at akmang pag-iingat. Sa pagpapakilala sa mga bata ng iba't ibang uri ng pagkaing ihahanda, nahahayaan silang tikman ang iba't ibang uri ng pagkain. Tatanda silang hindi maselan o mapili sa mga kinakain.

Ang pagluluto rin ay isang paraan upang mapagyaman ng mga bata ang kanilang pandama habang nagluluto sa kusina. Nakikilala nila ang iba't ibang amoy, lasa, at mga tunog habang naghahanda ng makakain. Bukod sa tinuturuan ang mga bata ng isang mahalagang *life skill*, ang pagkatuto sa pagluluto ay isang mainam na paraan upang pagtibayin ang kanilang kompiyansa sa sarili.

Mainam ding itampok sa proseso ng pagluluto ang halaga ng mga lutong-bahay. Ayon sa mga pag-aaral, higit na mabuti sa kalusugan ang nabanggit kung ikukumpara sa mga *fastfood*. Mas masustansiya ito at masisigurado ang kalinisan ng pagkain. May hatid na aliw kung hahayaang lumahok ang bata sa pagluluto. Kasama ng kanilang magulang o kamag-anak, makalilikha o makabubuo ng masasayang alaala ang isang pamilya. Napagtitibay rin nito ang ugnayan ng bata sa kaniyang magulang at sa sariling kultura't tradisyon ng bansa.

Apat na aklat ang pokus ng pagpapahalagang ito. Lahat ay may kinalaman sa pagluluto at sa halaga nito sa pagkakaroon ng masayang buhay pampamilya at matingkad na alaala sa kalinangan at kasaysayan ng isang lahi.


Ang *Cora Cooks Pancit* (New York: Shen's Books, 2009) ay isinulat ni Dorina K. Lazo Gilmore at iginuhit ni Kristi Valiant. Nakatuon ang kuwento sa isang pamilyang Filipino-Amerikano sa California. Tampok dito ang batang si Cora na mahilig sa kusina at nais magluto upang patunayan na siya'y nasa edad na may higit na mabigat na tungkulin sa kanilang tahanan.


Payak ang paraan ng pagkukuwento ni Gilmore. Maaaring basahin ang aklat bilang isang *recipe* na may naratibo tulad ng paggigisa ng sibuyas at bawang, paghihimay ng nilagang manok, paghahalo ng mga sangkap sa kawali, at ang paglublob ng pancit sa tubig upang lumambot ito sa pagluluto. Dagdag pa rito, may elementong pangkasaysayan ang aklat na ibinabahagi sa mambabasa ang simula ng pandarayuhan ng mga Filipino sa Amerika. Naibahagi ng nanay sa aklat na ang lolo ng bata ay isang *cook* para sa mga Filipino *farmworker* o mga tagapitas ng mga *strawberry* at ubas sa California.

Itinuturo sa bata ang halaga ng disiplina, responsibilidad sa tahanan, at pagpapanatili ng kaayusan at kalinisan habang nagluluto. Lantad sa aklat na ito ang Pilipinong kaugalian na ang ama o ang haligi ng tahanan ang siyang nakaupo sa kabisera ng isang mesa. Sa huling bahagi ng aklat matatagpuan ang *recipe* ng pancit bihon, talasalitaan, at ang paunawa sa magulang kaugnay sa ligtas na pagluluto ng kanilang mga anak.

Ang susunod na ang aklat ay isinulat lahat ni Jorge Argueta sa kanilang estilong "cooking poem" (tula sa pagluluto). Ibig sabihin, tampok sa kaniyang mga aklat ang kuwento sa paraang patula na nagbabahagi ng paraan ng paghahanda ng mga pagkaing Mexicano o Latin Amerikana. Bilinggwal ang mga aklat—nasa Ingles at Espanyol. Ang Ingles ay batay sa salin ni Elisa Amado. Ito ay ang mga sumusunod: *Salsa* (2015) na iginuhit ni Duncan Tonatiuh, *Sopa de Frijoles/ Bean Soup* (2017) na iginuhit ni Rafael Yockteng, at *Tamalitos* (2017) na iginuhit naman ni Domi. Lahat ng nabanggit na aklat ay inilathala sa Toronto ng Groundwood Books/ House of Anansi Books, isang "independent Canadian children's publisher."

Tampok sa aklat na *Salsa* ang "molcajete" at "tejolote" na mga kasangkapan sa pandikdik (almires) mula sa *volcanic rock*. Ginagamit ito sa pagdikdik ng kamatis, sili, achiote (atsuwete), mais, at cocoa.




Mga larawang mula sa Google

Inilarawan ni Argueta ang paghahanda ng salsa sa paraang nakaaliw na hindi pinababayaan ang mga kultural na detalye. Inihalintulad niya pagluluto na waring isang pagtugtog sa banda gamit ang mga tradisyonal nilang mga instrumento gaya ng marimba, maraca, at bongo. Aniya, "The bubbly taste of chilies/ makes me feel like I'm dancing among/ rainbow and stars."

Bilang isang "cooking poem," lantad sa panulat ni Argueta ang gamit ng mga *simile* o pagwawangis sa mga uri ng sili (*chilies*). Halimbawa, "there are red chilies / like little flames" at "there are purple chilies/ that look like they swallowed the sunset,/ yellow chilies like drops of honey/ and even little round chilies like green pearls."

Hindi rin nakalimutan ng awtor na ibahagi ang halaga ng paglilinis ng mga sangkap bago ito ihanda. Nakatutuwa rin ang paglalahok niya ng ideya ng *composting* na tila ba ibinabalik sa lupa ang sustansiya ng mga nabubulok na basura (*biodegradable waste*).

Sa aklat namang *Bean Soup*, naitampok ang ligayang hatid ng pagluluto para sa mga mahal sa buhay. Gaya ng nauna niyang

# Jillian Ward,

## nagpapasalamat sa GMA-7 sa nakuhang break sa seryeng Prima Donnas

Ni NONIE V. NICASIO



Larawang kuha ni Wilson Fernandez

**DREAM** *come true* para sa *teen actress* na si Jillian Ward ang seryeng *Prima Donnas* ng GMA-7. Maituturing kasing *biggest break* ni Jillian ang naturang serye na mula sa pamamahala ni Direk Gina Alajar at napapanood *Mondays-Fridays*, 3:25 pm.

Isa si Jillian sa bida sa *TV series* na *Prima Donnas* na tinatampukan din nina Aiko Melendez, Wendell Ramos, Katrina Halili, Chanda Romero, Benjie Paras, Sofia Pablo, Althea Ablan, at iba pa.

Kasama sa tatlong prima Donnas sina Althea bilang Donna Marie, Sofia bilang Donna Lyn, at si Jillian bilang Donna Belle. Nagpatikim nang kaunti si Jillian sa *role* niya sa kanilang serye sa Siyete.

"Ako po rito si Donna Marie, 'yung pinakaresponsable po sa aming magkakapatid. Ako po 'yung parang pangalawang nanay nina Donna Belle at Donna Lyn, kasi po nahiwalay kami sa nanay namin noong bata pa lang po kami," saad niya.

Ano ang *reaction* niya dahil *this time* isa na siya sa bida sa serye ng GMA-7?

Tugon ni Jillian, "Medyo ninenerbiyos din po kasi siyempre *first ever role* ko po talaga na mas *matured* na… may laman na po talaga 'yung mga eksena, hindi na po katulad ng dati na parang laro-laro lang po para sa akin iyong kapag nasa *set* ako."

Ano ang masasabi niya sa *casts* at kanino siya pinaka-*close* rito?

"*Close* naman po ako sa lahat, kasi mababait po sila at madali pong katrabaho. At siyempre po masaya ako talaga, kasi pinagkatiwalaan na naman po ako ng GMA-7 sa *project* na ito."

Dagdag pa ng magandang *young actress*, "Sina Althea *and* Sofia po ay nakakatuwang kasama. *Actually*, sa *set* po ay parang magkapatid na rin po kami.

Bale ang pinaka-*bonding* po namin sa *set*, kasi ay magkakasama po kami sa *tent*, kaya kapag po walang eksena, pinapatay po ang ilaw at nagmu-*music* po kami *and* naglalaro ng *Mobile Legend*, tapos nagkukuwentuhan po, ganyan."

Si Jillian ay nagsimula sa mundo ng *showbiz* bilang *commercial model* at *child actress*. Matapos mapanood sa *Wachamakulit* ay naging bida na agad siya sa TV *series* na *Trudis Liit* ng GMA-7

Bukod sa pagiging mahusay na *child actress*, si Jillian ay magaling din na *singer* at nangangarap na balang araw ay mabigyan ng pagkakataon na maging isang *recording artist*.

Bago ang *Prima Donnas*, ang *14 year old* na dalagita ay napanood sa *My Special Tatay* na pinagbidahan ni Ken Chan.

Sa aming panayam sa kanya noon, naging *vocal* si Jillian sa kanyang pahayag na *wish* niyang sumabak ulit sa mga eksenang may *heavy drama* at magkaroon ng *daily show* na tulad ng dati nilang *TV series titled Sa Piling ni Nanay* noong 2016.

Ayon pa kay Jillian, kabilang sa mga artistang pangarap niyang makatrabaho sa hinaharap ay sina Alden Richards, Maine Mendoza, at Marian Rivera sa Kapuso Network.

Sa mga taga-ABS CBN naman, ang mga taga-Kapamilya Network na gusto niyang makatrabaho sa pelikula kung mabibigyan daw ng pagkakataon ay sina Coco Martin, Vice Ganda, at Awra Briguela, dahil daw magagaling na artista ang mga ito.

*Next year* ay magtatapos na ang kontrata ni Jillian sa GMA-7 at ayon sa *young actress*, hindi raw niya alam sa kanyang *father* kung ano ang pinaplano nito para sa kanyang *showbiz career*. Pero bahala na raw ang kanyang ama at mga taga-GMA-7, kung ano ang makabubuting hakbang para sa kanyang *showbiz career*. L

# ARAW NG MGA PATAY



Ang mga halakhak na abot langit
Nang ang mundo'y hawak mong saglit,
Walang danas ng dusa at lupit
Sa lahat ng labis ay mayroon pang hihigit.

Sa iyo ay may panghabambuhay
Kahit dilim ay di pinalagpas
Walang pag-amin ng pagkatalo at lumbay
Ang umpisa ay walang wakas.

Ang tindig na para bang mohon
Ngayo'y lapat at sa langit nakatingala,
Sa pag-aakalang 'di darating ang ngayon
Yaman sa dalamhati'y 'di naisanla.

Magpapalit ang araw at gabi
Magkukubli ang mga pagkakataon,
May mga mauunang sasaksi
Sa mga luha, awit at pabaon.

Ngingiti ang ulap kasama ng mga tala
Aariin ka ng mundong walang dusa,
Itutuwid ka ng samyo ng lupa,
Itutuwid ka ng mundo mong isinanla.

-REBECCA L. GERONGA